


# Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 6:  
Panlapi at Salitang-Ugat: Usisain!



**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 6: Panlapi at Salitang-Ugat: Usisain!  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

|                      |                                                                                                            |                      |
|----------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------|
| <b>Manunulat:</b>    | Reenalyn B. Camponion                                                                                      |                      |
| <b>Editor:</b>       | Lira S. Rubio, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus                                                      |                      |
| <b>Tagasuri:</b>     | April T. Delos Santos, Emma T. Esteban, Edgardo D. Pamugas III,<br>Zimrose R. Pedrera, Ranchille E. Jacobe |                      |
| <b>Tagaguhit:</b>    | Deodito C. Curaza Jr.                                                                                      |                      |
| <b>Tagalapat:</b>    | Hazel Jane A. Villegas                                                                                     |                      |
| <b>Tagapamahala:</b> | Allan G. Farnazo                                                                                           | Winnie E. Batoon     |
|                      | Mary Jeanne B. Aldeguer                                                                                    | Chona M. Calatrava   |
|                      | Analiza C. Almazan                                                                                         | Teresita E. Helgason |
|                      | Ma. Cielo D. Estrada                                                                                       | Jesusa P. Ambrona    |
|                      | George N. Wong                                                                                             |                      |

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph \* lrms.regionxi@deped.gov.ph

# Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 6:  
Panlapi at Salitang-Ugat: Usisain

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na ito!

Dinisenyo at isinulat ito na isinaalang-alang ang antas ng iyong kakayahan. Ang layunin sa pagbuo ng modyul ay para magabayan kang matuto at makasanayan ang tamang paggamit ng panlapi at salitang-ugat. Ang modyul na ito ay magbibigay daan upang magamit mo ito sa iba't ibang sitwasyon para sa iyong pagkatuto.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nagagamit ang kombinasyon ng panlapi at salitang-ugat bilang gabay sa pagkuha ng kahulugan ng salita (**MT3VCD-Ice-1.5**).



### *Mga Tala para sa Guro*

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay para matiyak na makamit ang layunin sa pagkatuto.



## *Subukin*

Sa puntong ito, susubukin natin ang iyong paunang kaalaman ukol sa paksang pag-aaralan. Handa ka na ba?

Basahing mabuti ang mga tanong. Piliin at isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Sa salitang **gumanda**, ano ang salitang-ugat nito?  
A. ka  
B. ganda  
C. kaganda  
D. gandahan
2. Marami ang naninirahan sa Barangay Linaw dahil sa **katahimikan** dito. Ano-ano ang panlapi na ginamit sa salitang katahimikan?  
A. ta  
B. kata  
C. ka, -an  
D. tahimik
3. Ano ang salitang mabubuo kung pagsasamahin ang **sama + han**?  
A. ama  
B. sama  
C. nagsama  
D. samahan
4. Ano ang panlapi na maaaring idagdag sa salitang **tulong** upang makabuo ng bagong salita na ang ibig sabihin ay taong makatutulong sa bahay?  
A. long + tulong  
B. ka + tulong  
C. tu + tumulong  
D. ngan + tulungan
5. Ito ay mga pantig na idinadagdag sa salitang-ugat upang makabuo ng salita na may bagong kahulugan.  
A. panlapi  
B. salitang-ugat  
C. pangngalan  
D. pangngalang pamilang

## Aralin

# 1

## Panlapi at Salitang-Ugat: Usisain!



### *Balikan*

Suriin kung angkop ba ang tandang pamilang na ginamit sa mga pangngalang di mabilang. Lagyan ng tsek (✓) kung wasto ang tandang pamilang at ekis (✗) naman kung mali. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

|       |            |            |
|-------|------------|------------|
| _____ | 1. biskwit | dangkal ng |
| _____ | 2. gatas   | baso ng    |
| _____ | 3. bigas   | metro ng   |
| _____ | 4. prutas  | basket ng  |
| _____ | 5. tubig   | balde ng   |



### *Tuklasin*

Basahin ang tula at sagutin ang mga tanong na kasunod nito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Rosas, Rosas

ni: Reenalyn B. Camponion



Rosas ang bulaklak na ating bida,  
Pansinin mo ang rikit at kanyang ganda.  
Puti, pula, dilaw at iba pang kulay,  
sa mga mata ay nakakahangang - tunay.






Sa tag-araw ay diligan,  
nang palaging masilayan,  
Talulot, bango at ligaya,  
Sa paligid nito'y dala- dala.

Kaya para sa pagmamahal mo sa lahat,  
Alay sa ina, ama, o kaibigang tapat.  
Dahil sa rosas na ating bidang bulaklak.  
Lumambot ang pusong nagalit at umiyak,

1. Tungkol saan ang tula?
2. Nagustuhan mo ba ito? Bakit?
3. Ano-ano ang bulaklak sa inyong bahay?
4. Gaya ng sinabi sa tula, naranasan mo rin bang magbigay ng mga bulaklak bilang tanda ng iyong pagmamahal?
5. Ano ang pakiramdam kapag nakakita ka ng mga bulaklak sa paligid? Bakit?

Pag-aralan ang mga salitang nasa loob ng mga ulap. Ito ay mula sa tulang iyong binasa.





## *Suriin*

Ang mga salitang nasa loob ng ulap kung ating susuriin ay may mga silabang idinagdag sa bawat isa. Ano-ano ang mga ito? Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

- |             |         |
|-------------|---------|
| 1. pansinin | - _____ |
| 2. dinala   | - _____ |
| 3. nagalit  | - _____ |
| 4. diligan  | - _____ |
| 5. lumambot | - _____ |
| 6. umiyak   | - _____ |

Pagkatapos masuri ang mga salita, ano ang mga panlapi na iyong naisulat? Ito ba ay nasa unahan ng salitang-ugat? nasa gitna o nasa hulihan ng salitang-ugat?


Kung ang mga panlaping naisulat mo ay; -in, -in-, na-, -an, -um-, at um-. Tama ka!

Ang mga nabanggit na panlaping na- at um- na makikita sa unahan ng salitang-ugat ay tinatawag na unlapi. Samantala, ang mga panlaping -in- at -um- naman na makikita sa gitna ng salitang ugat ay tinatawag na gitlapi. Mayroon ding mga panlaping tulad ng -in at -an na nasa hulihan ng salitang ugat makikita, tinatawag naman itong hulapi.

Pag-aralan ang talaan sa ibaba. Mayroon bang nagbago sa kahulugan ng mga salita nang idinagdag na ang mga panlapi sa mga salita?


Ano-ano ang silaba o panlaping ginamit? Pansinin kung ito ay unlapi na makikita sa unahan ng salitang-ugat, gitlapi na makikita sa gitna ng salitang-ugat at hulapi naman kung makikita ito sa hulihan ng salitang ugat.

| Salita  | Salitang-Ugat | Panlapi | Uri ng Panlapi | Kahulugan                   |
|---------|---------------|---------|----------------|-----------------------------|
| mayaman | yaman         | ma-     | unlapi         | hindi naghihirap            |
| Naligo  | ligo          | na-     | unlapi         | paglilinis ng buong katawan |
| kinanta | kanta         | -in-    | gitlapi        | inawit                      |
| sumulat | sulat         | -um-    | gitlapi        | nagsulat gamit ang panulat  |
| taniman | taniman       | -an     | hulapi         | lugar na may mga tanim      |
| Kainin  | kainin        | -in     | hulapi         | nguyain at lunukin          |



### Tandaan

- ✓ Ang mga silabang idinadagdag sa salitang-ugat upang makabuo ng salitang may bagong kahulugan gaya ng halimbawang ibinigay ay tinatawag nating mga **panlapi**.
- ✓ Ang panlapi ay maaring idagdag sa unahan, sa gitna o sa hulihan. Ang panlaping dinadagdag sa unahan ng salitang-ugat ay tinatawag na **unlapi**. Samantala, ang panlaping idinagdag sa gitna ng salitang-ugat ay tinatawag na **gitlapi** at ang panlaping idinagdag naman sa hulihan ng salitang-ugat ay tinatawag na **hulapi**.
- ✓ Ang mga salitang yaman, ligo, kanta, sulat, tanim, kain ay tinatawag nating mga **salitang-ugat** o mga salitang payak.



## *Pagyamanin*

Pagtambalin ang mga salitang ugat sa Hanay A at sa Hanay B upang makabuo ng panibagong salita. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

### Hanay A

1. husay
2. tala
3. aral
4. tanim
5. tao

### Hanay B

-in-  
ma-  
-in  
mag-  
maka-  
-na



## *Isaisip*

Sagutan ang tanong sa iyong papel o kuwaderno.  
Ang \_\_\_\_\_ ay mga silaba na idinadagdag sa salitang-ugat upang makabuo ng salitang may bagong kahulugan. May tatlong uri ito, ang \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, at \_\_\_\_\_.



## *Isagawa*

Tukuyin at isulat sa papel ang mga panlapi at salitang-ugat.

| Salita      | Panlapi | Salitang-Ugat |
|-------------|---------|---------------|
| 1. tawanan  |         |               |
| 2. binutas  |         |               |
| 3. nagtanim |         |               |
| 4. kapares  |         |               |
| 5. basahin  |         |               |



## Tayahin

Kompletuhin at tukuyin ang mga bagong salita at kahulugan nito gamit ang binigay na panlapi at salitang-ugat. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

| Panlapi | Salitang-ugat | Salita | Kahulugan |
|---------|---------------|--------|-----------|
| 1. ma-  | saya          |        |           |
| 2. -in- | dilig         |        |           |
| 3. mag- | laba          |        |           |
| 4. -um- | sayaw         |        |           |
| 5. -an  | laban         |        |           |



## Karagdagang Gawain

Ano ang iyong pakiramdam sa paggawa ng mga gawaing ibinigay? Ipahayag ito sa dalawa o tatlong pangungusap gamit ang mga kombinasyon ng mga panlapi at salitang-ugat. Salungguhitan ang mga salitang may panlapi.

Halimbawa:

1. Ipinakita ko ang pagpapasensiya sa pagsagot sa mga gawaing binigay ng aking guro.
2. Masaya kong ginawa ang mga binigay na gawain.



Sagot:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_



## Susi sa Pagwawasto

|         |                                                                                                                                                                                                      |            |                                                                                  |
|---------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------|----------------------------------------------------------------------------------|
| Subukn  | 1. B<br>2. C<br>3. D<br>4. B<br>5. A                                                                                                                                                                 | Balikn     | 1. ✕<br>2. ✓<br>3. ✕<br>4. ✓<br>5. ✓                                             |
| Sutin   | 1. -in<br>2. -in-<br>3. na-<br>4. -an<br>5. -um-<br>6. um-                                                                                                                                           | Pagymannin | 1. mahusay<br>2. magtala<br>3. aralin<br>4. tinanim<br>5. makatao                |
| Isaisip | • panlapi<br>• unlapi, gitalapi,<br>hulapi                                                                                                                                                           | Isagawa    | 1. -nan; tawa<br>2. -in; butas<br>3. nag; tanim<br>4. ka; pares<br>5. -hin; basa |
| Tayahin | 1. masaya; hindi<br>malungkot<br>2. dilingin; bigyan ng<br>patubig gaya ng tanim<br>3. maglabda; labhan gaya<br>ng damit<br>4. sumayaw; nagsayaw sa<br>salitw ng tugtog<br>5. labanan; hindi aatras. |            |                                                                                  |

## *Sanggunian*

*Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3*, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with  
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong,  
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,  
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace  
U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.  
*MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3)*:  
Book Media Press, Inc., 2014, 35-36. *DepEd Complex*,  
*Meralco Avenue. 1600 Pasig City, Philippines.*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)